# Huwag mo siyang patayin; sapagkat kung pinatay mo siya, tunay na siya ay nasa katayuan mo bago mo siya pinatay at tunay na ikaw ay nasa katayuan niya bago siya nagsabi ng pangungusap niya na sinabi niya."}

Ayon kay Al-Miqdād bin `Amr Al-Kindīy (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay nagsabi sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nagtuturing ka po ba na kung nakatagpo ako ng isang lalaking kabilang sa mga tagatangging sumampalataya saka naglaban-laban kami saka tumaga siya sa isa sa mga kamay ko ng tabak saka nakaputol siya nito, pagkatapos kumanlong siya laban sa akin sa isang punong-kahoy saka nagsabi: 'Sumuko ako kay Allāh,' papatayin ko po ba siya, O Sugo ni Allāh, matapos na nagsabi siya niyon?" Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag mo siyang patayin." Kaya nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na siya ay pumutol ng isa sa mga kamay ko, pagkatapos nagsabi siya niyon matapos siyang pumutol nito?" Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag mo siyang patayin; sapagkat kung pinatay mo siya, tunay na siya ay nasa katayuan mo bago mo siya pinatay at tunay na ikaw ay nasa katayuan niya bago siya nagsabi ng pangungusap niya na sinabi niya."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Tinanong ni Al-Miqdād bin Al-Aswad (malugod si Allāh sa kanya) ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag siya ay nakipagtagpo sa isang lalaking kabilang sa mga tagatangging sumampalataya sa labanan saka nagtunggalian sila sa pamamagitan ng mga tabak hanggang sa nakapatama ang tagatangging sumampalataya ng tabak sa isa sa mga kamay niya saka nakaputol iyon nito. Pagkatapos tumakas mula sa kanya ang tagatangging sumampalataya at nagpasanggalang sa isang punong-kahoy saka nagsabi ng: Lā ilāha illa - llāh (Walang Diyos kundi si Allāh). "Ipinahihintulot po ba sa akin na patayin siya matapos na pinutol niya ang kamay ko?," tanong niya. Kaya nagsabi sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag mo siyang patayin." Kaya nagsabi naman siya: "O Sugo ni Allāh, tunay na siya ay pumutol ng isa sa mga kamay ko. Sa kabila po ba nito ay hindi ko siya papatayin?" Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag mo siyang patayin sapagkat tunay na siya ay bawal [padanakin] ang dugo. Kung pinatay mo siya matapos ng pag-anib niya sa Islām, tunay na siya ay nasa katayuan mo na pinangangalagaan ang dugo [sa pagdanak] dahil sa pagkaanib niya sa Islām at tunay na ikaw ay nasa katayuan niya na pinapayagan [padanakin] ang dugo dahil sa pagpatay mo sa

kanya, bilang ganting-pinsala."

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4815